

Ang Pinagmulan ng Niyog

Noong unang panahon, sa tinatawag ngayong bundok ng San Cristobal ay may isang mabait na ina. Masipag at maalaga siya sa kanyang sampong anak. Maagang pumanaw ang kanyang asawa, kaya ginawa niya ang lahat upang buhayin ang mga anak.

Isang araw, nagkasakit ng malubha ang ina, at kaagad itong pumanaw. Umiyak nang umiyak ang mga bata.

Wika ng panganay, 'Sino na ang magpapakain sa amin?'

"Sino na ang mag-aalaga sa atin" wika ng ikalawang anak.

"Sino na ang yayakap sa atin kapagmalamig ang panahon" wika ng ikatlong anak.

"Sino na ang magpapagaling sa atin pag tayo ay nagkasakit" wika ng ikaapat.

"Wala nang magbibigay sa akin ng gatas" wika ng ikalimang bata.

Ang ika-anim, ikapito, ikawalo, ikasiyam at bunso ay nagkulampulanan sa walang buhay na ina.



Habang umiiyak ang magkakapatid ay may dumating na isang magandang babae. "Ako ay isang Diwata" pakilala ng babae.

"Huwag na kayong umiyak" wika niya.

"Ang pagmamahal ng inyong ina ay walang katapusan; kaya hindi niya kayo pababayaan".

Paniniguro ng Diwata.

"Balutin ninyo ang bangkay ng inyong ina at ilibing nang maayos." .Bilin ng Diwata.

Ginawa ng magkakapatid ang tagubilin ng Diwata. Dahil sa pagod at labis na pag-iyak, nahimbing ang magkakapatid.


Kinabukasan, sumilip ang panganay na anak sa bintana upang tingnan ang pinaglibingan sa Ina.

Namangha ito sa nakita.

"Gumising kayo mga kapatid !" hiyaw ng panganay.

Nagmamadaling nanaog ng bahay ang mga bata at pinuntahan ang puntod ng ina.

"Bakit may mataas na puno



dito?" wika ng ikalawang anak.

"At may malalaking bungang kumpol-kumpol sa itaas," masayang wika ng ikatlong anak.

"Aakyat ko," nagmamadaling sabi ng panganay. Dahil mataas at walang sanga ang puno, kinuha niya ang kanilang itak, inukitan ng panganay ang puno upang gawing tapakan paakyat para makarating sa dulo ng puno at makuha ang nagkukumpulang bunga.

"Lumayo kayo mga kapatid, ibabagsak ko ang makukuha kong bunga". Pahiyaw na wika ng panganay.

Pagkalaglag ng bunga, kaagad binuksan ng mga bata, binalatan, binasag ang bao at lumantad ang maputing laman. Hinigop ng ikaapat na anak ang sabaw. "Napakasarap, parang gatas sa lasa," wika niya.

Mula noon ay natutunan ng kainin ng mga bata ang malambot at maputing laman ng bunga ng puno. Masayang hinigop ang sabaw at kinain ng magkapatid ang laman ng bunga. Nagulat ang lahat nang magsalita ang bunsong kapatid, "Nog", "Nog" na tila



humihingi pa ng gatas ang bunso.

Mula noon ay tinawag na nila itong Niyog.

Inalagaan ng magkakapatid ang puno. Ilang panahon ang lumipas, dumami ang mga puno at natutunan nila ang kahalagahan at gamit ng bawat bahagi ng punong Niyog.

Ipinagbibili ng panganay ang bao bilang panggatong at ang malaking bahagi ng puno ay panggawa ng bahay.

Gumagawa ng gamot gamit ang bulaklak ng Niyog ang Ikalawang anak.

Ang ikatlong anak ay gumagawa ng walis tingting.


Ginamit ng ikaapat na anak ang puting laman ng bunga para maging langis panluto, gamot, gatas at pampaganda.

Ginagamit ng ikalimang anak ang balat ng niyog para maging lubid.

Ginagamit ang bunot ng bunga ng ikaanim na anak na pang-isis.

Ginagawa namang sandok, kutsara, paso, at iba pa, ng ikapitong anak ang bao. bao para gawing sandok, kutsara, paso at iba pa.





Ginagamit ng ikawalong anak ang dahon para gumawa ng bayong at bubong.

litinitinda ng ikasiyam na anak ang sabaw ng bunga ng niyog para maging gata, gawgaw at tinapay na nagpapasigla sa katawan.

Hanggang ngayon ramdam na ramdam ng magkakapatid ang pagmamahal ng kanilang ina.